

١٠٠ سؤال وجوابه في عقيدة التوحيد

100 Tanong at Sagot

(Sa Aqidah ng Tawhid)

Tinipon at Inihanda ni:

Shaykh Abdul Azīz bin Muhammad Ash-Sha'lān

Tagapangsiwa ng Cooperative Office for Da'wah and Guidance
and Community Awareness, Aziziyah District, Riyadh
Kingdom of Saudi Arabia

Isinalin sa Wikang Filipino ng:

Academic Committee
Ayah for Call and Guidance Center



**Sa Ngalan ng Allāh
Ang Mahabagin, Ang Maawain**

Panimula ng Tagapagsalin

Papuri sa Allāh ang Panginoon ng mga nilalang, dumadalangin ako ng pagpapala at kapayapaan para sa kahuli-hulihang Sugo at Propeta na si Propeta Muhammad gayundin sa kanyang pamilya at lahat ng kanyang mga kasamahan. Sa pagpapatuloy...

Ang Tawhīd o Kaisahan ng Allāh (ﷻ) ay siya ang pinakamahalagang sangay ng kaalaman na marapat na pag-aralan. Ito ay napakahalaga sa buhay ng isang Muslim. Para sa kapakanan ng kaalamang ito ay nilikha ang mga nilalang, Sinabi ng Allāh (ﷻ): *﴿Hindi ko nilikha ang mga Jinn at Tao maliban na sambahin lamang nila Ako nang bukod-tangi at walang katambal﴾* [Ad-dhariyāt: 56].

Ang aklat na ito ay sumasaklaw sa karamihan, sa halip, ang lahat ng mga isyu na may kaugnayan sa Paniniwala sa Islam, Pananampalataya at Kaisahan ng Allāh (ﷻ).

Natagpuan namin ang malaking karangalan at ginhawa sa pagsasalin sa mahalagang aklat na ito. Hinihiling namin sa Allāh (ﷻ) na patawarin ang ating mga kasalanan at palagpasin ang ating mga pagkakamali, Hinihiling namin sa Kanya na gawin itong kapakipakinabang sa mga Pilipinong Muslim sa buong, at hinihiling namin sa Kanya na tanggapin ang gawaing ito mula sa amin at ibilang ito sa timbangan ng aming mga mabubuting-gawa sa araw na muling pagkabuhay, Dumadalangin kami ng pagpapala at kapayapaan para kay Propeta Muhammad gayundin sa kanyang pamilya at mga kasamahan.

Academic Committee
Ayah for Call and Guidance Center
www.ayah.org.ph
7/12/1440 Hijrah

Panimula ni Shaykh Sāleh bin Fawzān Al-Fawzān

Sa Ngalan ng Allāh, Ang Mahabagin at Ang Maawain

Ang lahat ng papuri ay para sa Allāh (ﷻ) lamang:

Nabasa ko ang aklat na ito: (Tanong at Sagot) na isinulat ni Shaykh A’bdul Azīz bin Muhammad Ash-Sha’lān, na kung saan pinaloob niya rito ang aklat na (Thalāthatul-Usūl) at (Al-qawā’idul-Arba’) na isinulat ni Shaykh Al-Imām Al-Mujaddid Muhammad bin Abdilwahhāb (رحمه الله).

At aking nakita ang aklat na ito na isang mabuting Gawain at kapaki-pakinabang na kung saan ay nakatutulong sa pagkakaroon ng kaalaman sa dakilang aklat na (Thalāthatul-Usūl) at (Al-qawā’idul-Arba’) at pinapagaan at pinalalamit sa pag-unawa.

Gantimpalaan nawa siya ng Allāh (ﷻ) ng kabutihan at pakinabang sa kanyang kaalaman.

Sinulat Ni:

Sāleh bin Fawzān Al-Fawzān

Miyembro ng Committee of Senior Scholars

31/3/1440 Hijrah

Panimula ng may-akda

Sa ngalan ng Allāh, Ang Mahabagin at Ang Maawain

Papuri sa Allāh ang Panginoon ng mga nilalang, naway ang pagpapala at kapayapaan ay ipagkaloob ng Allah sa pinakamarangal na Sugo at Propeta na si Propeta Muhammad:

Ito ang mga Tanong at mga Sagot patungkol sa pangunahing paniniwala sa Tawhīd o kaisahan ng Allāh (ﷻ) at babala mula sa mga sumasalungat dito; ito ay ang Shirk o pagtatambal sa Allāh at lahat ng bagay at paraan patungo sa Shirk, at ang aklat na ito ay patungkol rin sa paniniwala ng Ahlus Sunnah Wal Jamā'ah.

Sinulat ko ito sa pamamagitan ng pagbubuod, at akin itong pinagaan para ito ay lubos na maunawaan ng mga mambabasa.

Dumadalangin ako sa Allāh (ﷻ) na maging kapaki-pakinabang ang aklat na ito.

**Abdul Azīz bin Muhammad Ash-Sha'lān
Tagapangsiwa ng Cooperative Office for Da'wah,
Guidance and Community Awareness
Aziziyah District, Riyadh – Kingdom of Saudi Arabia**

Ang mga Tanong at Sagot sa Aqīdah ng Tawhīd

[T1] Bakit natin pag-aaralan ang Tawhīd?

[S1] Dahil ang Tawhīd ito ang siyang pinaka pangunahing pundasyon ng relihiyon, at dahil dito nilikha ng Allāh (ﷻ) ang Jinn at Tao, at ipinadala niya ang mga Sugo, at ipinahayag ang mga kasulatan sa layuning ito, at nagkaroon ng dalawang hantungan; Ang Paraiso at Impiyerno, at nabahagi ang mga tao sa dalawa; Muslim at di-muslim.

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴾ | الذاريات: ٥٦ |

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿Hindi ko nilikha ang mga Jinn at Tao maliban na sambahin lamang nila Ako nang bukod-tangi at walang katambal﴾ [Ad-dhariyāt: 56].

[T2] Mula saan natin kukunin ang ating Aqīdah (Paniniwala)?

[S2] Mula sa Al-Qurān at As-Sunnah at gabay ng mga As-Salafu-As-Sāleh ng Ummah na ito.

[T3] Ano ang Tatlong Saligan na marapat malaman ng isang tao at ito rin ang siyang mga katanungan sa kanya doon sa loob ng libingan?

[S3] Ang pagkilala ng tao sa kanyang *Rabb* (Panginoon), at Ang pagkilala ng tao sa kanyang Relihiyon, at Ang pagkilala ng tao sa kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ).

[T4] Sino ang iyong *Rabb* (Panginoon)?

[S4] Ang aking *Rabb* (Panginoon) ay ang Allāh (ﷻ) na Siyang nangangalaga sa akin at Siya ring nangangalaga sa lahat ng nilalang sa pamamagitan ng Kanyang mga biyaya, siya lamang ang sinasamba, at wala akong ibang sasambahin maliban sa Kanya. Ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ﴾ | الفاتحة: ٢ |

﴿Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allāh na “Rabb” ng lahat ng mga nilalang﴾ [Al-fātihah: 2].

[T5] Paano mo nakikilala ang iyong Panginoon?

[S5] Siya ay nakilala ko sa pamamagitan ng Kanyang mga palatandaan at mga dakilang nilikha. Kabilang sa mga palatandaan Niya ay ang pagpapalit-palitan ng araw at gabi, buwan at araw at kabilang din sa Kanyang mga

nilikha ang pitong mga kalangitan at kalupaan at ang anumang nasa loob o nasa pagitan ng mga ito.

Ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمِنْ آيَاتِهِ اللَّيْلُ وَالنَّهَارُ وَالشَّمْسُ وَالْقَمَرُ لَا تَسْجُدُوا لِلشَّمْسِ وَلَا
لِلْقَمَرِ وَاسْجُدُوا لِلَّهِ الَّذِي خَلَقَهُنَّ إِن كُنتُمْ إِيَّاهُ تَعْبُدُونَ﴾

| فصلت: ٣٧ |

﴿Kabilang sa Kanyang mga tanda ang gabi at araw at ang araw at buwan. Huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan bagkus ay magpatirapa kayo sa Allāh na Siyang lumikha sa kanila kung kayo sa Kanya lamang ay mga sumasamba﴾ [Fussilat: 37].

[T6] Nasaan ang Allāh (ﷻ)?

[S6] Ang Allāh (ﷻ) ay na nasa ibabaw ng kalangitan sa itaas ng Kanyang A'ersh (Trono).

[T7] Ano ang mga katibayan mula sa Al-Qurān na nagpapatunay na ang Allāh (ﷻ) ay nasa ibabaw ng kalangitan at siya ay nasa taas ng kanyang A'ersh (Trono)

[S7] Ang katibayan na ang Allāh ay nasa ibabaw ng kalangitan, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿ءَأَمِنْتُمْ مَن فِي السَّمَاءِ أَن يَخْسِفَ بِكُمُ الْأَرْضَ فَإِذَا هِيَ تَمُورُ﴾ | الملك: ١٦ |

﴿Inaakala ba ninyo na kayo ay ligtas sa Siyang nasa langit na dulutin Niya na lamunin kayo ng lupa na bigla na lang itong gagalaw﴾ [Al-Mulk: 16].

At ang katibayan na ang Allāh (ﷻ) ay nasa taas ng A'rsh (Trono), Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿الرَّحْمَنُ عَلَى الْعَرْشِ اسْتَوَى﴾ | طه: ٥ |

﴿Ang Allāh na Pinakamahabagin ay nag-'Istawā' – pumaroon sa taas ng Kanyang 'Arsh' (Trono) sa pamamaraan na angkop na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan at Kadakilaan﴾ [Tāha: 5].

[T8] Ano ang kahulugan ng salitang (Istawā)?

[S8] Ang salitang "استوى" (Istawā) ay wikang arabik na ang kahulugan ay; "علا" {A'lā} o Pumaibabaw, at "ارتفع" {Irtafaa'} o Pumaitaas, at "صعد" {Saa'da} o Umakyat, at "استقر" {Istaqarra} o pumanatili.

[T9] Bakit nilikha ng Allāh (ﷻ) ang Jinn at Tao?

[S9] Upang sambahin laman Siya nang bukod-tangi at nag-iisa at walang katambal.

[T10] Ano ang patunay mula sa Al-Qurān na tumutukoy na nilikha ng Allāh (ﷻ) ang mga Jinn at Tao upang sambahin lamang Siya?

[S10] Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴾ | الذاريات: ٥٦ |

﴿Hindi ko nilikha ang mga Jinn at Tao maliban na sambahin lamang nila ako nang bukod-tangi at walang katambal﴾ [Ad-dhariyāt: 56].

[T11] Ano ang kahulugan ng ﴿sambahin lamang nila Ako﴾?

[S11] Sambahin lamang nila Ako nang bukod-tangi at walang katambal.

[T12] Ano ang kahulugan ng Al-I'badah?

[S12] Isang pangkalahatang salita para sa lahat ng minamahal at kinalulugdan ng Allāh (ﷻ) na mga pananalita at mga gawaing palihim o hayagan.

[T13] Ano ang kahulugan ng Shahādatu Lā ilāhah illallāh (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allāh)?

[S13] Walang tunay at marapat na sinasamba maliban sa Allāh (ﷻ).

[T14] Ano ang kahulugan ng Shahādatu Anna Muhammadan Rasūlullāh (Pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allāh)

[S14] Ang pagsunod sa kanyang mga iniutos, at pagpapatotoo sa kanyang ipinahayag, at paglayo sa kanyang mga ipinagbawal at pagsamba sa Allāh (ﷻ) sa paraang kanyang isinabatas.

[T15] Ano ang pinaka dakilang kautusan ng Allāh (ﷻ)?

[S15] Ang pinaka dakilang kautusan ng Allāh (ﷻ) ay ang Tawhīd: ito ang pagsamba sa Kanya nang bukod-tangi at walang katambal.

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا﴾

| النحل: ٣٦ |

﴿At katiyakan, Nagpadala Kami sa lahat ng nasyon ng Sugo na nagsasabing, ‘Sambahin ninyo ang Allāh at layuan ang mga diyus-diyosan﴾ [An-Nahl: 36].

[T16] Anu-ano ang mga bahagi ng Tawhīd?

[S16] [1] Tawhīdur-Rubūbiyah, [2] Tawhīdul-Ulūhiyah, [3] Tawhīdul-Asmā’ was-Sifāt.

[T17] Ano ang kahulugan ng Tawhīdur-Rubūbiyah?

[S17] Ang pagbubukod-tangi sa Allāh (ﷻ) sa Kanyang mga Gawain, tulad ng Kanyang Paglilikha at Paghahari sa lahat ng nilikha at Pangangasiwa.

[T18] Ano ang kahulugan ng Tawhīdul-ULūhiyah?

[S18] Ang pagbubukod-tangi sa Allāh (ﷻ) sa Pagsamba na siyang isinabatas sa mga nilalang, tulad ng; Du'ā (Panalangin), Dhabh (Pag-aalay ng kinatay na hayop) at Sujūd (pagpapatirapa).

[T19] Ano ang kahulugan ng Tawhīdul-Asmā' was-Sifāt?

[S19] Ang pagbubukod-tangi sa Allāh (ﷻ) sa lahat ng natatangi sa Kanya mula sa mga pangalan at mga katangian.

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ﴾ | الشورى: ١١

﴿Walang anumang bagay ang katulad Niya at Siya ang Nakakakita at Nakaririnig ng lahat ng bagay﴾ [Ash-Shūrā: 11]

[T20] Magbigay ng ilang mga halimbawa ng Al-I'bādah (Pagsamba)?

[S20] Ilan sa mga halimbawa ng Al-I'bādah: Du'ā (Panalangin), Isti'ānah (paghingi ng tulong), Istighāthah (paghingi ng tulong mula sakuna), Dhabh (pag-aalay ng kinatay na hayop), Nadhr (Pamamanata), Khawf (pagkatakot), Rajā' (pag-aasam), Tawakkul (Pagtitiwala), Inābah (pagbabalik-loob), Mahabbah

(pagmamahal), Khashyah (Pangangamba), Raghbah (Paghahangad), Rahbah (Pagkasindak), Rukū' (Pagyuko), Sujūd (Pagpapatirapa), khushū' (Pagkataimtim), Tadhallul (Pagpapasakop), Dhikr (Pag-alala), at pagbabasa ng Al-Qurān.

[T21] Ano ang pinakamasidhing ipinagbabawal ng Allāh (ﷻ)?

[S21] At ang masidhing ipinagbabawal niya ay ang SHIRK: Ito ay ang pananalangin, pagsamba sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ).

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ﴾ | النساء:

| ٤٨

Sinabi ng Allāh (ﷻ): ﴿Tunay na ang Allāh ay hindi magpapatawad sa kasalanan na Siya ay pagtatambalan subalit Siya ay magpapatawad sa iba pa liban dito para sa sinumang Kanyang naisin.﴾ [An-Nisā: 48].

[T22] Ano ang dalawang uri ng Shirk?

[S22] Unang Uri: Ash-Shirkul-Akbar (Malaking Pagtatambal): ito ang lahat ng Gawain na tinawag ng Allāh (ﷻ) at kanyang Propeta (ﷺ) na isang pagtatambal na kung

gagawin ng isang Muslim ay maglalabas sa kanya mula sa Islām.

Halimbawa: Ang pagsamba sa mga rebulto, sa mga patay at pagpapatirapa sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ).

Pangalawang Uri: Ash-Shirkul-Asghar (*Maliit na pagtatambal*): ito ang lahat nang itinuring sa batas ng Islām na isang Pagtatambal subalit kung gagawin ng isang Muslim ay hindi maglalabas sa kanya mula sa Islām.

Halimbawa: Ang pagsumpa sa pangalan ng iba maliban pa sa Allāh (ﷻ), ang Riyā' (*Pagpapakitang-tao*), at ang pagsasabi ng: Mā Shāa Allāhu wa Shi'ta (*kung anumang naisin ng Allāh at naisin mo*).

At tinawag na Ash-Shirkul-Asghar; dahil ito ay nagiging daan tungo sa pagkahulog sa gawaing Ash-Shirkul-Akbar.

[T23] Kailan unang naganap ang Shirk?

[S23] Ito ay naganap noong kapanahunan ni Propeta Nūh (ﷺ) sa kanyang pamayanan.

[T24] Ano ang dahilan ng pangyayari ng Shirk sa pamayanan ni Propeta Nūh (ﷺ)?

[S24] Dahil sa Al-Ghulū (*Pagmamalabis*) ng kanyang pamayanan sa pagpupuri sa mga matutuwid na tao.

[T25] Ano ang kahulugan ng Al-Ghulū (*Pagmamalabis*) sa mga matutuwid na tao?

[S25] Ito ang labis-labis na papuri sa mga mabubuting tao, at pagtataas nang sobra-sobra sa kanilang mga nararapat na katayuan sa pamamagitan ng pagbabaling para sa kanila ng anumang uri ng pagsamba. Bilang patunay Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿يَا أَهْلَ الْكِتَابِ لَا تَغْلُوا فِي دِينِكُمْ وَلَا تَقُولُوا عَلَى اللَّهِ إِلَّا الْحَقَّ﴾

| النساء: ١٧١ |

﴿O Angkan ng Kasulatan, huwag magmalabis sa inyong relihiyon﴾ [An-Nisā: 171].

At sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Huwag kayong magmalabis sa pagpupuri sa akin na katulad ng pagmamalabis sa pagpupuri ng mga Kristiyano kay Hesus na anak ni Maria, tunay na ako ay isang alipin lamang ng Allāh at sugo Nito.) [Inulat ni Al-Bukhārī]

[T26] Ano ang hatol sa pananalangin sa mga patay?

[S26] Ang pananalangin sa mga patay at iba pa, sa mga bagay na walang makakayang magbigay nito maliban sa Allāh (ﷻ) ay isang uri ng Ash-Shirkul-Akbar (*Malaking Pagtatambal*) na naglalabas at nag-aalis sa taong

gumagawa nito mula sa Islām. At ang patunay mula sa Al-Qurān:

﴿وَمَنْ يَدْعُ مَعَ اللَّهِ إِلَهًا آخَرَ لَا بُرْهَانَ لَهُ بِهِ فَإِنَّمَا حِسَابُهُ عِنْدَ رَبِّهِ إِنَّهُ لَا يُفْلِحُ الْكَافِرُونَ﴾ | المؤمنون: ١١٧

﴿Sinumang manalangin sa iba pa liban sa Allāh na wala siyang patunay dito, ang pagtutuos sa kanya ay nasa kanyang Panginoon. Tunay na hindi magtatagumpay ang mga hindi nanampalataya﴾ [Al-Mu'minūn: 117].

[T27] Kailangan bang magkaroon ng isang tagapamagitan nilalang sa panalangin sa Allāh (ﷻ)?

[S27] Hindi na kailangan sa panalangin na magkaroon pa ng isang tagapamagitan nilalang, at ang patunay na sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِلَعَالِهِمْ يَرْشُدُونَ﴾ | البقرة: ١٨٦

﴿Kapag tinanong ka ng Aking mga alipin tungkol sa Akin ay sabihin mo O Muhammad, 'Tunay na Ako ay malapit. Ako ay tumutugon sa panalangin ng nagdarasal kapag Ako ay dinasalan niya. Kaya marapat na tumugon sila sa Akin at manampalataya sa Akin upang sila nawa ay magabayan﴾ [Al-Baqarah: 186].

[T28] Dinidinig at tinutugunan ba ng mga patay ang isang panalangin?

[S28] Ang mga patay ay hindi nila dinidinig at tinutugunan ang isang panalangin, ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنْ تَدْعُوهُمْ لَا يَسْمَعُوا دُعَاءَكُمْ وَلَوْ سَمِعُوا مَا اسْتَجَابُوا لَكُمْ وَيَوْمَ

الْقِيَامَةِ يَكْفُرُونَ بَشْرِكُمْ وَلَا يُبَشِّرُكُمْ مِثْلُ خَيْرٍ﴾ | فاطر: ١٤

﴿Kapag nanalangin kayo sa kanila ay hindi nila maririnig ang inyong mga panalangin at kahit marinig pa nila ito ay hindi sila tutugon sa inyo., at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay itatanggi nila inyong pagtatambal﴾ [Fātir: 14].

[T29] Kanino inaalay ang Salāh (Pagdarasal) at Dhabh (Pagkakatay ng Hayop)?

[S29] Inaalay lamang ito para sa Allāh (ﷻ) nang bukod-tangi at walang katambal, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَأَنْحَرْ﴾ | الكوثر: ٢

﴿Kaya Magdasal ka sa iyong Panginoon at mag-alay ng hayop bilang pag-aalay lamang sa Kanya﴾

[Al-kawthar: 2].

[T30] Ano ang hatol ng pag-aalay ng kataying hayop at Sujūd (*Pagpapatirapa*) sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ)?

[S30] Ito ay isang uri ng Ash-Shirkul Akbar (*Malaking pagtatambal*) na naglalabas at nag-aalis sa taong gumagawa nito mula sa Islām. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿قُلْ إِنْ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿١٦٢﴾ لَا شَرِيكَ لَهُ ۗ

وَيَذَلِكُ أُمِرْتُ وَأَنَا أَوَّلُ الْمُسْلِمِينَ ﴿١٦٣﴾﴾

| الأنعام: ١٦٢ - ١٦٣ |

﴿Sabihin, ‘Tunay na ang aking obligadong pagdarasal, mga pagkatay, pamumuhay at kamatayan ay para sa Allāh, ang Panginoon ng mga nilikha. Wala Siyang katambal. Yaon ang ipinag-utos sa akin at ako ang una sa mga Muslim﴾ [Al-An’ām: 162-163].

[T31] Ano ang hatol ng *Halaf bi ghayrillāh* o pagsumpa sa ngalan ng iba pa maliban sa Allāh (ﷻ)?

[S31] Ang hatol nito: Shirk Asghar (*Maliit na pagtatambal*).

Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (*Sinumang nagnanais na sumumpa, mangyari na siya ay sumumpa sa Ngalan ng*

Allāh o kung hindi mangyaring ganoon ay manahimik na lamang siya.) [Inulat ni Bukhārī].

[T32] Ano ang obligasyon ng isang Muslim hinggil sa mga Pangalan at katangian ng Allāh (ﷻ)?

[S32] Ang pagkilala sa mga pangalan at katangian na ipinakilala ng Allāh (ﷻ) para sa Kanyang sarili o ipinakilala para sa kanya ng Kanyang Sugo (ﷺ), at pagtatakwil sa lahat ng mga pangalan at katangiang itinakwil ng Allāh (ﷻ) para sa Kanyang sarili o Itinakwil para sa kanya ng Kanyang Sugo (ﷺ) sa paraang naaangkop sa Kanya na walang Tahrīf (*paglilihis mula sa tunay na kahulugan*) at Ta'til (*pagtanggal at pagtangga sa kahulugan*) at Takyīf (*paglalarawan ng pamamaraan sa anumang katangian*) at Tamthīl (*Paghahambing at paghahalintulad sa Allāh*).

[T33] Ano ang batayan mula sa Al-Qurān na tumutukoy na ang katangian ng Allāh (ﷻ) ay hindi katulad ng ating katangian?

[S33] Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ﴾ | الشورى: ١١ |

﴿Walang anumang bagay ang katulad Niya at Siya ang Nakakakita at Nakaririnig ng lahat ng bagay﴾ [Ash-Shūrā: 11]

[T34] Ano ang iyong Deen (Relihiyon)?

[S34] Ang aking Deen ay ang Islām, at ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنَّ الدِّينَ عِنْدَ اللَّهِ﴾ | آل عمران: ١٩

﴿Tunay na ang relihiyon para sa Allāh ay ang Islām﴾

[Āli-Imrān: 19].

[T35] Tatanggap pa ba ang Allāh (ﷻ) ng iba pang Deen maliban sa Deenu-Al-Islām pagkatapos ng pagkakasugo sa Propeta Muhammad (ﷺ)?

[S35] Hindi na tatanggap ang Allāh (ﷻ) ng anumang Deen maliban pa sa Deenu-Al-Islām pagkatapos ng pagkakasugo sa Propeta Muhammad (ﷺ).

Ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ

الْخَاسِرِينَ﴾ | آل عمران: ٨٥

﴿Sinumang maghangad ng iba pang relihiyon liban pa sa Islām ay hindi ito tatanggapin mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga talunan.﴾ [Āli-Imrān: 85].

[T36] Ano ang kahulugan ng *Islām*?

[S36] Ang *Islām*: Ito ang ganap na pagsuko sa Allāh (ﷻ) sa kanyang kaisahan, at pagpapasailalim sa Kanya bilang pagsunod, at paglayo mula sa pagtatambal at sa mga tauhan nito.

[T37] Anu-ano ang mga haligi ng *Islām*?

[S37] Ito ang Shahādatayn o pagsaksi na walang diyos na marapat sambahin maliban sa Allāh (ﷻ) at si Muhammad (ﷺ) ay Alipin at Sugo ng Allāh, at ang pagtataguyod ng Salāh, at ang pagbibigay ng Zakāh, at ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhān, at ang Hajj o paglalakbay patungo sa Masjidul Haram para sa sinumang may kakayanang magsagawa nito. At ang patunay sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *(Ang kahulugan ng Islām ay pagsaksi mo na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allāh at si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allāh, at itaguyod mo ang Salāh, at pagbibigay mo ng Zakāh, at Ang pag-aayuno mo sa buwan ng Ramadhān, at Ang pagsasagawa ng Hajj*

patungo ng Masjidul Haram kung ikaw ay may kakayanang magsagawa nito) [Inulat ni Bukhārī at Muslim]

[T38] Ano ang kahulugan ng *Al-Imān*?

[S38] Ito ang pagbigkas nito sa pamamagitan ng dila, at paniniwala sa pamamagitan ng puso, at pagsasagawa sa pamamagitan ng katawan, Nadadagdagan sa pamamagitan ng pagsunod at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway.

[T39] Anu-ano ang haligi ng *Al-Imān*?

[S39] Ito ay ang pananampalataya sa Allāh (ﷻ), at sa Kanyang mga Anghel, at sa Kanyang mga Kasulatan, at sa Kanyang mga Sugo, at sa Huling araw, at sa Al-Qadr (*Tadhana*) ito man ay mabuti o masama.

At ang patunay sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (*Ang Imān: Ito ay ang pananampalataya sa Allāh (ﷻ), at sa Kanyang mga Anghel, at sa Kanyang mga Kasulatan, at sa Kanyang mga Sugo, at sa Huling araw, at sa Qadr (tadhana) ito man ay mabuti o masama*). [Inulat ni Bukhārī at Muslim].

[T40] Sino ang mga *Al-Malāikah* (Anghel)?

[S40] Ang mga *Al-Malāikah* ay mga nilalang mula sa daigdig ng *Al-Ghayb* (Di-nakikita), na mga nilalang ng Allāh (ﷻ) upang sumamba lamang sa Kanya.

[T41] Ano ang hatol sa paniniwala sa mga *Al-Malāikah* (Anghel)?

[S41] Obligadong maniwala sa mga *Al-Malāikah* (*Anghel*), at hindi magiging katanggap-tanggap ang pananampalataya ng isang tao hanggang sa maniwala siya sa mga ito.

[T42] Sino ang pinaka hihigit sa lahat ng mga *Al-Malāikah* (Anghel)?

[S42] SI Jibrīl (ﷻ), at siya ang inatasan sa pagbaba ng mga Rebelasyon.

[T43] Anu-ano ang mga makalangit na kasulatan?

[S43] Ito ang mga aklat na ipinahayag ng Allāh (ﷻ) sa kanyang mga Sugo, halimbawa nito: At-Tawrāh (Torah), at ang Al-Injīl (Ebanghelyo), at ang Az-zabūr (Salmo), at ang Al-Qurān.

[T44] Ano ang hatol sa paniniwala sa mga makalangit na kasulatan?

[S44] Obligadong maniwala sa mga kasulatan na ipinahayag ng Allāh (ﷻ), at hindi magiging katanggap-tanggap ang pananampalataya ng isang tao hanggang sa maniwala siya sa mga ito.

[T45] Ano ang pinaka dakilang makalangit na kasulatan?

[S45] Ang pinaka dakilang aklat: Ito ang Maluwalhating Al-Qurān na siyang ipinahayag ng Allāh (ﷻ) sa kanyang sugo na si Muhammad (ﷺ). At ang Al-Qurān ay siya ang magpapawalang-bisa at tagapaghatol at nangingibabaw sa lahat ng lumang kasulatan, at ipinagbabawal na sambahin ang Allāh (ﷻ) maliban na lamang kung ang pagsambang ito ay alinsunod sa Dakilang Al-Qurān.

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَأَنْزَلْنَا إِلَيْكَ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ الْكِتَابِ

وَمُهَيِّمًا﴾ | المائدة: ٤٨ |

﴿Ibinaba Namin sa iyo ang Aklat O Muhammad nang may katotohanan na nagpapatunay sa mga nauna ritong kasulatan at bilang pamantayan ng mga ito﴾ [Al-Mā'idah: 48].

[T46] Ano ang *Al-Yawmul -Ākhir*?

[S46] Ito ang Yawmul-Qiyāmah o Araw ng muling pagkabuhay, na kung saan bubuhayin muli ang mga tao upang litisin at gantimpalaan.

[T47] Ano ang hatol sa paniniwala sa *Al-Yawmul -Ākhir*?

[S47] Obligadong maniwala sa *Al-Yawmul -Ākhir*, at hindi magiging katanggap-tanggap ang pananampalataya ng isang tao hanggang sa maniwala siya rito.

[T48] Ano ang Kahulugan ng *Al-Qadr* (Tadhana)?

[S48] Ang *Al-Qadr* ito ang mga tadhanang itinakda ng Allāh (ﷻ) sa kanyang mga nilikha batay sa kanyang ganap na kaalaman at ipinagtibay ng kanyang ganap na *Al-hikmah* o karunungan.

[T49] Ano ang hatol sa paniniwala sa *Al-Qadr* (Tadhana)?

[S49] Obligadong maniwala sa *Al-Qadr* (Tadhana), at hindi magiging katanggap-tanggap ang pananampalataya ng isang tao hanggang sa maniwala siya rito.

[T50] Ano ang *Al-Ihsān*?

[S50] Ang *Al-Ihsān*: ito ang sumamba ka sa Allāh na para bagang Siya ay iyong nakikita at kung hindi mo Siya nakikita ay tunay na nakikita ka Niya.

[T51] Ano ang kahulugan ng *Ar-Riyā'*?

[S51] Ang *Ar-Riyā'*: Ito ang paggawa ng isang gawaing pagsamba upang Makita ng mga tao upang siya ay purihin.

[T52] Ano ang hatol sa *Ar-Riyā'*?

[S52] Ito ay itinuturing na ipinagbabawal at ito ay kabilang sa gawaing Shirk Asghar.

At ang patunay sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Ang pinaka kinakatatakutan ko para sa inyo ay ang Shirk Asghar, at nagtanong (ang mga Sahabah) hinggil dito at siya ay nagsabi (na ang kanyang tinutukoy) ay ang *Ar-Riyā'*). [Iniulat ni Imām Ahmad at pinatunayan ito ni Al-Albānī]

[T53] Sino ang iyong Propeta?

[S53] Ang aking propeta: Siya ay si Muhammad bin 'Abdullāh bin 'Abdul Muttalib bin Hāshim. Si Hāshim ay kabilang sa tribo ng Al-Quraysh, at ang Al-Quraysh ay kabilang sa Al-Kinānah, at ang Al-Kinānah ay kabilang sa mga Arabo, at ang mga Arabo ay kabilang sa angkan ni Ismā'il na anak ni Ibrāhīm (عليه السلام).

[T54] Ano ang pinaka malaking tanda ng kanyang pagka-propeta?

[S54] Ang pinaka malaking tanda ng kanyang pagka-propeta ay ang Dakilang Al-Qurān, na siyang salita ng Allāh (ﷻ) na ito ang gabay, lunas, at liwanag.

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿قُلْ لَّيْنِ اجْتَمَعَتِ الْإِنْسُ وَالْجِنُّ عَلَىٰ أَنْ يَأْتُوا بِمِثْلِ هَذَا الْقُرْآنِ لَا يَأْتُونَ

بِمِثْلِهِ وَلَوْ كَانَ بَعْضُهُمْ لِبَعْضٍ ظَهِيرًا﴾ | الإسراء: ٨٨ |

﴿Sabihin mo sa kanila, O Muhammad : “Kahit na magsama-sama pa ang mga tao at ang mga ‘Jinn’ upang magkasundo na gumawa ng katulad ng Dakilang Qur’ān na ito, ay hindi nila ito makakayanang gawin, kahit na magtulung-tulong pa silang lahat.”﴾ [Al-Isrā’: 88]

[T55] Ano ang pinaka dakilang karapatan ng Propeta Muhammad (ﷺ)?

[S55] Ito ang wagas at tiyak na paniniwala sa Kanya, at paniniwala na ang Allāh (ﷻ) ay siya ang nagsugo kay Propeta Muhammad (ﷺ) para sa lahat ng Jinn at Tao, at ang ganap na pagsunod sa kanya at paglayo mula sa pagsuway sa kanya, at ang ganap na pagsunod at pagtangkilik sa kanya at ganap na pagdadakila sa kanyang Sunnah, at ang pagmamahal sa kanya nang higit pa sa pamilya, anak, at sa lahat ng nilalang, at ang ganap na

pagrespeto sa kanya, at pagsagawa ng *As-Salāwāt* sa kanya (ﷺ), at kabilang rin sa kanyang mga karapatan; hindi maaaring magmalabis sa pagkilala sa kanya, at labis na pagtataas mula sa kanyang kalagayan na nilagayan ng Allāh (ﷻ) sa kanya.

[T56] Ano ang *As-Sihr* (Salamangka)?

[S56] Ang *As-Sihr* (Salamangka): ito ay isang makademoniyo na Gawain na tunay na nakakaapekto sa puso't katawan ng isang tao, at kabilang dito ang panlilinlang sa pamamagitan ng malik-mata na kung saan ay hindi nakikita ng ibang tao ang tunay na nangyayari.

[T57] Ano ang *Al-Kihānah*?

[S57] Ang *Al-Kihānah*: ito ang pag-aangkin ng pagkakaroon ng karunungan ukol sa Al-Ghayb o mga bagay na nalilingid sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Jinn.

[T58] Ano ang *Al-‘Arrāh*?

[S58] Ang *Al-‘Arrāh*: isang tao na nag-aangkin ng karunungan sa mga bagay na nalilingid sa pamamagitan nang paghahayag ng mga pangyayaring kasalukuyang nagaganap tulad ng lugar kung saan matatagpuan ang

isang bagay na ninakaw at lugar ng isang bagay na nawawala.

Sinabi na ang *Al-‘Arrāf*: katawagan para sa isang *Al-Kāhin* (o tao na gumagawa ng *Al-Kihānah*) at *Al-Munajjim* (o Nag-aangkin ng karunungan ukol sa bagay na lingid sa pamamagitan ng mga bituin) at *Ar-Rammāl* (o Nag-aangkin ng karunungan ukol sa bagay na lingid sa pamamagitan ng pagguhit sa lupa) at iba pang nag-aangkin ng karunungan hinggil sa *Al-Ghayb* o bagay na mga lingid sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Jinn. Kabilang sa mga Gawain nila: paggamit ng *Horoscope* at pagbabasa ng palad at mga baso na siyang ginagamit nila bilang paraan upang malaman nila ang mga bagay na lingid.

[T59] Ano ang hatol sa pagpunta sa mga *Al-‘Arrāf* at *Al-Kāhin* at iba pang nag-aangkin ng karunungan hinggil sa *Al-Ghayb* o bagay na mga lingid?

[S59] Ipinagbabawal na pumunta o tumungo sa mga *As-Sāhir* (o mangkukulam) at sa *Al-‘Arrāf* at *Al-Kāhin*, at ang patunay sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Sinumang magpunta sa isang *‘Arraf* at magtanong sa kanya ukol sa isang bagay ay hindi tatanggapin mula sa kanya ang

kanyang Salah nang apatnapung araw). [Iniulat ni Imām Muslim]

At inulat ni Abū Hurayrah (رضي الله عنه) na ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi: (*Sinumang tumungo sa isang 'Arrāfo Kāhin at naniwala sa mga sinasabi nito ay nawalan ng pananampalataya sa ipinahayag kay Propeta Muhammad*). [Iniulat nina Imām Al Bukhārī, Muslim, At-Tirmidhī, Abū Dawūd at Al Hākim.]

[T60] Ano ang hatol ng *As-Sihr (o Salamangka)* at pag-aaral nito?

[S60] Ang lahat ng uri ng *As-Sihr (o Salamangka)* ay ipinagbabawal; ganon rin ang pag-aaral at pagtuturo nito, at walang anumang bagay ang pinapahintulan dito;

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَا كَفَرَ سُلَيْمَانُ وَلَا كَانِ الشَّيَاطِينُ كَفَرُوا يُعَلِّمُونَ النَّاسَ

السِّحْرَ﴾ | البقرة: ١٠٢ |

﴿Katunayan, Hindi si Sulaymān ang lumabag at hindi siya ang nag-aral ng 'Sihr.' Walang iba kundi ang mga 'Shaytān' ang siyang tunay na lumabag sa kautusan ng Allāh noong itinuro nila sa mga tao ang Sihr ﴾ [Al-Baqarah: 102].

[T61] Ano ang hatol sa pagbabasa at paniniwala sa Horoscope, at mga pangitain sa hinaharap?

[S61] Ang Gawain na ito ay kabilang sa mga Gawain noong panahon ng Al-Jāhiliyah (*kamangmangan*), at ito ay nabibilang sa paniniwala sa mga *Al-‘Arrāf* at *Munajjim* sa pag-aangkin ng karunungan hinggil sa Al-Ghayb o bagay na mga lingid.

Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Sinuman ang nakakakuha ng anumang kaalaman mula sa astrolohiya, siya ay nakakakuha ng isang sangay ng kaalaman sa salamangka, na kung saan siya ay makakakuha ng mas marami hangga't siya ay patuloy sa gawaing ito). [Inulat ni Abū Dawūd]

[T62] Ano ang kahulugan ng *Al-Tamā'im*?

[S62] Ang *Al-Tamā'im*: Ito ay pangngalang pangmaramihan ng salitang *Tamīmah* (o agimat), ito man ay mga kuwintas, o mga buto, o mga sulatin, o mga lubid, o mga sinulid, o mga tela at iba pang isinasabit sa mga leeg ng mga bata, o sa mga bahay at sasakyan bilang proteksyon laban sa kapinsalaan bago pa man ito dumating o ang pag-aalis nito pagkatapos nitong tumama.

[T63] Ano ang hatol sa *Al-Tamā'im*?

[S63] Ang *Al-Tamā'im* ay kabilang sa mga Gawaing Shirk Asghar. At maaaring maging isang Shirk Akbar; kapag naniwala na ang *Al-Tamā'im* siya mismo ang nagbibigay ng pakinabang o nagpipinsala maliban pa sa Allāh (ﷻ). Bilang patunay sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): ((*Sinuman ang magsabit ng Tamīmah (o Agimat) tunay na siya ay nakagawa ng Shirk*)) [Inulat ni Ahmad, at pinatotohanan ito ni Al-Albānī].

[T64] Ano ang *Ruqyah Mashrū'ah* at ano ang hatol nito?

[S64] Ang anumang talata sa Qur'ān, mga adhkar o mga du'ā na binabasa sa isang taong may sakit at pag-ihip sa masakit na bahagi ng katawan. Ang *Ruqyah* ay pinapahintulan sa Islām, Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Walang masama sa pagsasagawa ng *Ruqya* basta't wala itong halong Shirk) [Inulat ni Muslim].

Sa pagpapahintulot nito, kinakailangan na maging malaya ito mula sa Shirk, At marapat na maniwala na ito ay hindi siya mismo ang nagbibigay ng epekto, bagkus ito lamang ay isang kaparaanan at ang pakinabang at pinsala ay nasa kamay ng Allāh (ﷻ), at Ito ay nararapat na binabanggit sa wikang Arabik at mayroong itong maliwanag na kahulugan, at ito ay marapat na maglaman ng salita ng

Allāh (ﷻ) at mga pangalan ng Allāh (ﷻ) at mga katangian Niya.

[T65] Ano ang *At-Tiyarah*?

[S65] Ang *At-Tiyarah*: ang pagkakaroon ng mabuti o masamang pangitain o pamahiin na dulot ng isang bagay gamit ang galaw ng mga ibon.

[T66] Ano ang hatol nito?

[S66] Ito ay ipinagbabawal at kabilang sa Shirk Asghar, at maaari rin humantong sa Shirk Akbar; kapag naniwala na ang *At-Tiyarah* ay nagbibigay ng pakinabang o kapinsalaan maliban pa sa Allāh (ﷻ), at ang patunay sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Ang *At-Tiyarah* ay isang Shirk) [Inulat ni Ahmad at Abū Dawūd].

[T67] Maaari bang gamitin ang *At-Tiyarah* sa iba pang bagay liban pa sa paggamit ng mga Ibon?

[S67] Oo, katulad halimbawa: *At-Tiyarah* sa mga ilang buwan mula kalendaryo, o mga araw, o mga hayop, o ilan sa mga taong may kapansanan tulad ng bulag, pilay at iba pa.

[T68] Ano ang kahulugan ng *Al-Istisqā' bil anwā*?

[S68] Ang *Al-Anwā*: Ito ang mga bituin.

At Ang kahulugan ng *Al-Istisqā' bil anwā*: Ang paghingi ng pagbaba ng tubig-ulan sa mga bituin at pagtuturing sa mga bituin bilang dahilan ng pagdating ng ulan.

[T69] Ano ang hatol ng *Al-Istisqā' bil anwā*?

[S69] Ito ay may dalawang uri:

Una: Ang pagsasangkot ng pagdating ng ulan sa mga bituin na ito bilang tanging mga tagapagpadala ng ulan at hindi ang Allāh (ﷻ), ito ay isang Kufr; dahil ito ay Malaking pagtatambal sa Allāh (ﷻ).

Pangalawa: Ang paniniwala sa Allāh (ﷻ) na Siya ang lumikha sa tubig-ulan at nagpabababa nito, subalit itinuring ng isang tao ang mga *Al-Anwā* bilang mga dahilan ng pagdating ng ulan. Ang hatol nito ay Shirk Asghar o Maliit na pagtatambal; dahil inugnay ng isang tao ay biyaya ng Allāh (ﷻ) sa iba, At hindi ito ginawang dahilan ng Allāh ang mga bituin upang magpababa ng tubig-ulan.

[T70] Ano ang patunay sa pagbabawal ng *Al-Istisqā' bil anwā*?

[S70] Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (*Sinabi ng Allāh (ﷻ)*): *Sinuman ang magsabi na 'tayo ay dinatnan ng ulan sa biyaya at habag ng Allāh', ay nananampalataya sa Akin at walang pananampalataya sa Kawakib (mga bituin). At sinuman ang magsabi na, 'dinatnan tayo ng ulan dahil sa*

bituin na ito at bituin na iyon', Ay walang pananampalataya sa Akin at nananampalataya sa Al-Kawākib') [Iniulat nina Imām Al-Bukhārī at Imām Muslim].

[T71] Ano ang hatol sa pagtatayo ng mga Masjid sa ibabaw ng mga libingan?

[S71] Ito ay ipinagbabawal sa batas ng Islām, at ito ay isang daan tungo sa paggawa ng Shirk, bilang patunay sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Ang sumpa ng Allāh ay na pasa mga Hudyo at ang mga Kristiyano, nang dahil sa pagtuturing nila sa mga libingan ng kanilang mga propeta bilang mga lugar ng pagsamba) [Inulat ni Al-Bukhārī].

[T72] Ano ang kahulugan ng *At-Tabarruk*?

[S72] Ang *At-Tabarruk*: ito ang panghihingi ng Barakah, at ang Barakah ito ang pagkamit sa kabutihan at pagpapala at pananatili nito.

[T73] Anu-ano ang mga uri ng *At-Tabarruk* (*paghingi ng pagpapala*)?

[S73] 1- *Tabarruk Mashrū'*: Ito ang *Tabarruk* na pinapahintulutan, at may mga basehan mula sa Al-Qurān at Sunnah.

2- Tabarruk Mamnū': *At-Tabarruk* na ipinagbabawal.

[T74] Anu-ano ang mga uri ng Tabarruk Mashrū'?

[S74] Ang Tabarruk Mashrū'ay dalawang uri:

1- Ang Tabarruk sa pamamagitan ng mga materyal na bagay na nasasalat, katulad halimbawa: tubig ng Zamzam.

2- Ang Tabarruk sa pamamagitan ng mga mabubuting Gawain, tulad halimbawa: Salāh, Duā at Sadaqah.

[T75] Anu-ano ang mga uri ng Tabarruk Mamnū'?

[S75] Ang Tabarruk Mamnū'ay dalawang uri:

1- Ang lahat ng bagay na ipinagbabawal ng batas ng Islām, tulad halimbawa: Tabarruk sa pamamagitan ng mga rebulto at diyus-diyosan.

2- Ang lahat ng mga dahilan mula sa haka-haka na kung saan wala itong katotohanan, tulad halimbawa: Tabarruk sa pamamagitan ng mga katauhan ng mga matutuwid na mga tao at kanilang mga damit o kanilang laway o sa mga puno at bato.

[T76] Anu-ano ang mga bahagi ng *At-Tawwasul* (ang paggamit ng mga pamamaraan upang maging malapit sa Allāh) sa Du'ā?

[S76] Ang *At-Tawwasul* ay may dalawang bahagi sa Du'ā:

1- Tawassul Mashrū' (Tawassul na pinahihintulutan): Ito ay may mga basehan mula sa Batas ng Islām.

2- Tawassul Mamnū' (Ito ang Tawassul na ipinagbabawal): Ito ay walang matibay na basehan mula sa batas ng Islām, at ito ay ipinagbabawal.

[T77] Anu-ano ang mga uri Tawassul Mashrū' sa Du'ā?

[S77] Tawassul Mashrū' sa Du'ā ay tatlong uri:

1- Tawassul sa pamamagitan ng mga pangalan at katangian ng Allāh (ﷻ), tulad ng pagsasabi mo ng: *Ya Rahman Irhamniy* (O Allāh ang Mahabagin! Habagan mo ako!).

2- Tawassul sa pamamagitan ng mga mabubuting bagay na nagawa, katulad ng sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿الَّذِينَ يَقُولُونَ رَبَّنَا إِنَّا أَمْنَا فَاغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَقِنَا عَذَابَ

النَّارِ﴾ | آل عمران: ١٦ |

﴿O Allāh na aming ‘Rabb!’ Kami ay naniwala sa Iyo at sumunod sa Iyong Sugo na si Propeta Muhammad Na kung kaya, patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan at iligtas Mo kami sa kaparusahan sa Impiyerno﴾ [Āli ‘Imrān: 16].

3- Tawassul sa pamamagitan ng Du'ā ng isang mabuting tao na buhay na nasa harapan niya, katulad ng ginawa ni Ukkāshah (رضي الله عنه) nang hingin niya mula sa Propeta Muhammad (ﷺ) na ipanalangin siya na mapabilang sa pitumpung libong papasok sa Paraiso na walang paglilitis, sinabi ni Ukkāshah bin Mihsan (رضي الله عنه): “O Sugo ng Allāh, ipinalangin mo ako sa Allāh (ﷻ) na ibilang niya ako sa kanila” at sinabi ng sugo ng Allāh (ﷻ): (*Ikaw ay kabilang sa kanila*). [Inulat ni Al-Bukhārī at Muslim].

[T78] Anu-ano ang mga uri Tawassul Mamnū' sa Du'ā?

[T78] 1- Tawassul Shirkīy: Ito ang Tawassul na mayroong halong Shirk o pagtatambal sa Allāh, tulad halimbawa: Ang du'ā sa ngalan ng mga mabubuting tao tulad ng kanilang

Sinabi: ‘Madad yā Rasūlallāh’ o Tulong o sugo ng Allāh (ﷻ), o kaya naman ‘Madad yā Jailānī’ o Tulong O Jailānī.

2- Tawassul Bid'iy: Ito ang Tawassul sa pamamagitan ng paraan na walang matibay na basehan sa batas ng Islām; dahil ang Tawassul ay isang I'bādah o pagsamba kaya naman ay hindi maaari ang isang bagay maliban na lamang na mayroon itong matibay na basehan sa batas ng Islām. Kabilang sa halimbawa ng Tawassul Bid'iy: ang Tawwasul sa pamamagitan mga katauhan at karapatan o dangal ng mabubuting tao.

[T79] Ano ang *Shafa'āh* (Pamamagitan) na mangyayari sa Araw ng paghuhukom?

[S79] Ito ang pamamagitan ng isang tao sa Allāh (ﷻ) para sa isa pa upang magkamit ng kabutihan o maglayo sa kasamaan.

[T80] Maaari bang hingiin ang *Shafa'āh* (Pamamagitan) mula sa mga patay?

[S80] Hindi maaaring hingiin ang *Shafa'āh* (Pamamagitan) mula sa mga patay; dahil ang *Shafa'āh* ay pag-aari lamang ng Allāh (ﷻ), kanyang sinabi:

﴿قُلْ لِلَّهِ الشَّفَعَةُ جَمِيعًا ۖ إِنَّهُ مُلْكُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ ۖ ثُمَّ إِلَيْهِ

تُرْجَعُونَ ﴿ الزمر: ٤٤ |

﴿Sabihin mo, O Muhammad: “Ang Allāh lamang ang Siyang Nagmamay-ari ng kapahintulutan sa lahat ng uri ng pamamagitan ﴾ [Az-Zumar: 44].

[T81] Ano ang mga kondisyon ng *Shafa'āh* (Pamamagitan)?

[T81] Ang mga kondisyon ng *Shafa'āh* (Pamamagitan) ay dalawa:

1- Ang pahintulot ng Allāh (ﷻ) para sa isang namamagitan upang mamagitan, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ﴾ | البقرة: ٢٥٥ |

﴿Walang sinuman ang maglalakas-loob na mamagitan sa Kanya maliban sa Kanyang kapahintulutan ﴾ [Al-Baqarah: 255]

2- Ang pamamagitan ay pinili ng Allāh (ﷻ) para sa isang namamagitan at sa isang pinamamagitanan niya.

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَلَا يَشْفَعُونَ إِلَّا لِمَنْ أَرْضَى﴾ | الأنبياء: ٢٨ |

﴿At walang sinuman sa kanila ang maaaring mamagitan maliban sa sinumang pahintulutan ng Allāh na mamagitan ﴾ [Al-Anbiyā': 28].

[T82] Sino ang makikinabang sa *Shafa'āh* (Pamamagitan)?

[S82] Ang mga Taong mayroong Tawhīd o paniniwala sa kaisahan ng Allāh (ﷻ), bilang patunay sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Ang pinaka maligayang tao sa aking *Shafa'āh* sa araw ng paghuhukom ay ang sinumang magsabi ng: *Lā ilāha illallāh*). [Inulat ni Al-Bukhārī].

[T83] Ano ang hatol sa pangungutya sa Allāh (ﷻ) o sa Kanyang aklat o sa Kanyang relihiyon o sa kanyang sugo (ﷻ)?

[S83] Sinuman ang mangutya sa anumang nabanggit, ang hatol sa kanya ay Kāfir, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿قُلْ أَبِاللَّهِ وَآيَاتِهِ وَرَسُولِهِ كُنْتُمْ تَسْتَهْزِئُونَ ﴿٦٥﴾ لَا تَعْتَذِرُوا قَدْ
كَفَرْتُمْ بَعْدَ إِيمَانِكُمْ﴾

| التوبة: ٦٥ - ٦٦ |

﴿Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: “At sa Allāh ba at sa Kanyang mga talata at sa Kanyang Sugo ang inyong pangungutya?” Huwag kayong humingi ng paumanhin, tunay na kayo ay naging mga hindi-mananampalataya matapos na kayo ay manampalataya﴾ [At-Tawbah: 65-66].

[T84] Ano ang kahulugan ng *Al Walā' Wal Barā'*?

[S84] Ang *Al Walā'*: Ito ang pagmamahal, pagtulong para sa Allāh (ﷻ), at kanyang Sugo (ﷺ) at sa mga Muslim.

At ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنَّمَا وَلِيُّكُمُ اللَّهُ وَرَسُولُهُ وَالَّذِينَ آمَنُوا الَّذِينَ يُقِيمُونَ الصَّلَاةَ وَيُؤْتُونَ الزَّكَاةَ
وَهُمْ رَاكِعُونَ ﴿٥٥﴾ وَمَنْ يَتَوَلَّ اللَّهَ وَرَسُولَهُ وَالَّذِينَ آمَنُوا فَإِنَّ حِزْبَ اللَّهِ هُمُ الْغَالِبُونَ ﴿٥٦﴾﴾

| المائدة: ٥٥ - ٥٦ |

﴿Ang inyong tagapagtanggol, O kayo na mga mananampalataya, ay ang Allāh, ang Kanyang Sugo; at ang mga mananampalataya na pinangangalagaan nila ang kanilang mga obligadong 'Salāh,' at nagbibigay ng 'Zakāh', at sila na mga isinusuko ang kanilang buong sarili sa Allāh, At sinuman ang nagtiwala sa Allāh, at sa kanyang Kanyang Sugo at Ang mga mananampalataya; samakatuwid, siya ay magiging kabilang sa grupo ng Allāh, at ang grupo ng Allāh ay siyang magtatagumpay at magwawagi﴾ [Al-Mā'idah: 55-56].

At ang *Al Barā'*: ito ang pagkamuhi sa Kufr at mga Kuffār.

At ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿ قَدْ كَانَتْ لَكُمْ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ فِي إِبْرَاهِيمَ وَالَّذِينَ مَعَهُ إِذْ قَالُوا لِقَوْمِهِمْ إِنَّا بُرَاءُ مِنْكُمْ وَمِمَّا تَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ كَفَرْنَا بِكُمْ وَبَدَا بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمُ الْعَدَاوَةُ وَالْبَغْضَاءُ أَبَدًا حَتَّى تُؤْمِنُوا بِاللَّهِ وَحَدَهُ ﴾ | الممتحنة: ٤ |

﴿Para sa inyo ang mabuting halimbawa kay Abraham at sa mga kasama niya nang sinabi nila sa kanilang nasyon, ‘Tunay na kami ay walang kinalaman sa inyo at sa inyong mga sinasamba liban sa Allāh. Itinatanggi namin kayo at lumitaw na sa pagitan namin at pagitan ninyo ang galit gayunding ang pagkamuhi habang panahon hanggang sa manampalataya kayo sa Allāh nang nag-iisa”﴾ [Al-Mumtahanah: 4]

[T85] Ano ang hatol ng pagbati sa mga Kuffār sa kanilang kapistahan katulad sa araw ng pasko?

[S85] Sinabi ni Shaykh ibn Uthaymīn (رحمه الله): |Ang pagbati sa mga Kuffār sa araw ng pasko at sa iba pang okasyon at pagdiriwang o kapistahan pang relihiyon ng mga kuffār ay ipinagbabawal sa Islām ayon pinagkasunduan ng mga Ulamā, katulad ng isinalaysay ni Ibn Al-qayyīm (رحمه الله) sa kanyang aklat na pinamagatang “*Ahkāmu Ahlidh-Dhimmah*” | [Mula sa Aklat ng Fatāwā ni Ibn Uthaymīn].

[T86] Ano ang kahulugan ng *Al-Bid’ah*?

[S86] Ito ang pagsamba sa Allāh sa pamamagitan ng mga gawaing pagsamba na hindi nagawa ng Propeta Muhammad (ﷺ) at kanyang mga Sahābah (رضي الله عنهم).

[T87] Ano ang hatol ng *Ibtidā' Fīd Dīn* (Pagdaragdag sa relihiyon)

[S87] Ito ay ipinagbabawal at mas matindi pa sa Al-Maāsīy (o Kasalanan). Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (*Tunay na ang pinaka mainam na salita ay ang aklat ng Allāh, ang pinaka mainam na gabay ay ang gabay ni Muhammad (ﷺ), at ang pinaka masamang bagay ay ang mga Muhdathāt o (Makabagong dagdag sa Relihiyon), at ang lahat ng uri ng Bid'ah ay isang pagkaligaw*) [Inulat ni Muslim].

[T88] Mayroon bang mabuting *Bid'ah* sa Islām?

[S88] Walang mabuting *Bid'ah* sa Islām.

Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (*Ang lahat ng uri ng Bid'ah ay isang pagkaligaw*) [Inulat ni Muslim].

[T89] Ano ang magiging katayuan mula sa mga gumagawa ng Bid'ah?

[S89] Ang marapat na gawin ay ang mag-ingat sa mga gumagawa ng Bid'ah at magbabala laban sa kanila, at marapat na iwanan ang pakikihalubilo sa kanila at pagtingin o pagbabasa ng kanilang mga aklat. Sinabi ni Ibn Abbās (رضي الله عنه): (Huwag kang makihalubilo sa mga gumagawa ng Bid'ah, Tunay na ang pakikihalobilo sa kanila ay isang karamdaman sa puso) [Mula sa Aklat na: Al-Ibānah (2/438)]

Sinabi ni Al-Imām Al-Baghawī (رحمه الله): (Tunay na dumaaan ang panahon ng mga Sahābah at Tabi'ūn at kanilang tagasunod at ganun rin ang mga pantas ng Islām, lahat sila ay nagkakasundo at pinagkaisahan na marapat na kagalitan ang mga gumagawa ng Bid'ah at marapat silang layuan) [Mula sa Aklat na: Sharhus Sunnah (1/127)].

[T90] Ano ang hatol sa isang taong nag-iiwan ng Salāh?

[S90] Ang pag-iwan sa Salāh ay isang Kufr; ang katibayan mula sa Hadīth ni Jāber (رضي الله عنه) na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷻ): *(Tunay na ang pagitan ng isang tao at pagitan ng Shirk at Kufr ay ang pag-iwan sa Salāh)* [Inulat ni Muslim].

[T91] Ano ang hatol sa di-makatarungang pagtuturing sa isang Muslim na isang Kāfir?

[S91] Ito ay ipinagbabawal, at ito kabilang sa mga matinding kasalanan, sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷺ): *((Sinumang Muslim ang sabihan niya ang kanyang kapatid na “O Kāfir” tunay na babalik ito sa isa sa kanila, kung ito ay totoo sa kanyang sinabi, at kung hindi ay babalik sa kanya))* [Inulat ni Bukhārī at Muslim].

[T92] Ano ang marapat gawin ng Muslim hinggil sa mga Sahābah o Kasamahan ng propeta Muhammad (ﷺ)?

[S92] Ang obligado at marapat na gawin ng Muslim ay mahalina sila; at maniwala na sila ang pinaka mainam na tao pagkatapos ng mga propeta at mga sugo; at marapat rin na huwag magsalita sa kanila ng hindi maganda bagkus ang mga kabutihan lamang nila. At ipinagbabawal ang pagsasabi ng di-magandang salita sa isa man sa kanila mula sa Sahābah. Sabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *(Huwag ninyo sisiraan aking mga kasamahan, sumpa man sa may hawak ng aking kaluluwa, kung ang isa sa inyo ay gumastos ng ginto na tulad ng laki ng bundok ng Uhod, tunay na walang makaka-abot na halaga o kahit kalahiti*

nito, sa kung ano ang naabot ng mga Sahābah) [Inulat ni Bukhārī at Muslim].

[T93] Ano ang patunay sa kahigitan ng mga Sahābah?

[S93] Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَالسَّابِقُونَ السَّابِقُونَ مِنَ الْمُهَاجِرِينَ وَالْأَنْصَارِ وَالَّذِينَ اتَّبَعُوهُمْ
بِإِحْسَانٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ وَأَعَدَّ لَهُمْ جَنَّاتٍ تَجْرِي تَحْتِهَا
الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا ذَلِكَ الْفَوْزُ الْعَظِيمُ﴾ | التوبة: ١٠٠ |

﴿At ang mga yaong naunahan ang mga tao tungo sa paniniwala sa Allāh at sa Kanyang Sugo na mga ‘Muhājiroun’ (nangibang-bayan), at ang mga Ansār na sila ang tumulong sa Sugo ng Allāh laban sa kanilang mga kalaban na mga walang pananampalataya, at gayundin ang mga mabubuting sumunod sa kanila sa paniniwala at mga salita at mga gawa sa paghahangad ng pagmamahal ng Allāh ay sila ang mga yaong kinalugdan ng Allāh dahil sa kanilang pagsunod sa Allāh at sa Kanyang Sugo at minahal nila ang Allāh dahil sa masaganang gantimpala na ipinagkaloob sa kanila dahil sa kanilang pagsunod at paniniwala. Inihanda Niya para sa kanila ang mga Hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim nito na sila ay

mananatili roon magpasawalang-hanggan, at ito ang dakilang tagumpay ﴿ [At-Tawbah: 100]

[T94] Sino ang pinaka mainam mula sa mga Sahābah?

[S94] Ang pinaka mainam sa mga Sahābah ay ang apat na Khulafāh: Abu Bakr Assiddīq, pagkatapos ay si Omar bin Khattab, pagkatapos ay si Uthman bin Affān, pagkatapos ay si Alī bin abī Tālib, pagkatapos ay ang mga natitira pang mga bilang mula sa sampung Sahābah (ﷺ) na binalitaan ng pagpasok sa paraiso.

[T95] Ano ang tinutukoy ng salitang *Wulātul-Umūr*?

[S95] Sila ang mga *Hukkām* o pinuno ng mga Muslim.

[T96] Ano ang obligasyon ng mga Muslim tungo sa kanilang mga *Wulātul-Umūr*?

[S96] Ang pakikinig at pagsunod sa mga utos na hindi pagsuway sa Allāh (ﷻ), at pagpapayo sa kanila, at ang ipanalangin sila sa Allāh ng kabutihan, at marapat na iwan ang paninira sa kanila saanmang lugar, dahil ito ay nagdudulot lamang ng mga maraming Fitnah (kaguluhan).

[T97] Ano ang patunay tungkol rito?

[S97] Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ وَأَطِيعُوا أَوْلِيَ الْأَمْرِ مِنْكُمْ﴾

| النساء: ٥٩ |

﴿*Kayong mga matatapat sa inyong paniniwala! Sundin ninyo ang utos ng Allāh, at sundin din ninyo ang Sugong si Propeta Muhammad; at sundin din ang inyong mga pinuno sa kanilang mga ipinag-uutos na hindi labag sa kagustuhan ng Allāh*﴾ [An-Nisā: 59].

At sabi ng Sugo ng Allāh (ﷺ): (*Ang Islām ay relihiyon ng pagpapayo*) sabi ng mga Sahaba: *para kanino O sugo ng Allāh? At kanyang sinabi: (Para sa Allāh at kanyang aklat at kanyang sugo at sa lahat ng pinuno ng mga Muslim, at sa lahat ng tao)* [Inulat ni Muslim].

[T98] Paano mangyayari ang pagpapayo sa mga pinuno ng mga Muslim?

[S98] Ito ay mangyayari nang palihim, sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (*Sinuman ang nagnanais na magbigay ng payo sa mga namumuno ay marapat na huwag niya itong ilantad, subalit kausapin niya ito nang palihim, at kung tinanggap niya ang payong iyon ito ay mabuti, at kung hindi man niya tinanggap, tunay na nagawa niya ang kanyang tungkulin sa pagpapayo*) [Inulat ni Ahmad at iba pa, at ito ay pinatotohanan ni Al-Albānī at ibn bāz].

[T99] Ano ang marapat gawin ng isang Muslim kapag dumating ang mga Fitnah?

[S99] Ang marapat ay lumayo mula sa Fitnah, at marapat na sumama sa grupo ng mga Muslim at kanilang pinuno, at marapat na dumulog at magtanong sa mga Ulamā o pantas ng kaalaman ng Islām.

At ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَإِذَا جَاءَهُمْ أَمْرٌ مِنَ الْأَمْنِ أَوِ الْخَوْفِ أَذَاعُوا بِهِ ۖ وَلَوْ رَدُّوهُ إِلَى الرَّسُولِ وَإِلَىٰ أُولِي الْأَمْرِ مِنْهُمْ لَعَلِمَهُ الَّذِينَ يَسْتَنْبِطُونَهُ مِنْهُمْ ۗ وَلَوْلَا فَضْلُ اللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُ لَاتَّبَعْتُمُ الشَّيْطَانَ إِلَّا قَلِيلًا﴾ | النساء: ٨٣

At kapag dumating sa mga yaong hindi pa lubusang nakatanim ang Pananampalataya sa kanilang mga puso, ang mga pangyayaring nararapat na ilihim hinggil sa kaligtasang nagdudulot ng kabutihan sa Islām at saka sa mga Muslim, o di kaya ay pagkatakot na nagdudulot ng pangamba sa kanilang mga puso, ay ikinakalat nila at ipinamamalita nila sa mga tao; gayong kung isinangguni lamang nila ang anumang dumating sa kanila sa Sugo ng Allāh at sa mga may kaalaman at mga paham, ay tiyak na malalaman ng mga marurunong mula sa kanila ang tamang kahulugan at pagkakaunawa hinggil sa bagay na

ito. At kung hindi lamang dahil sa kagandahang-loob at awa mula sa Allāh para sa inyo, ay susunod kayo kay ‘Shaytān’ at sa kanyang mga ibinubuyo, maliban sa mangilan-ngilan sa inyo.﴾ [An-Nisā: 83].

[T100] Sino ang Ahlus Sunnah Wal Jama’āh?

[S100] Sila ang mga pinanghawakan ang kapamaraan ng Sugo ng Allāh (ﷻ) at kanyang Sahābah (رضي الله عنهم), at mga Tabi’īn at lahat ng tumahak sa landas nila sa paniniwala, salita at gawa.

وصلى الله وسلم على نبينا محمد وعلى آله وصحبه أجمعين

*Wa Sallallāhu Wa Sallama A’lā Nabīyyīna Muhammadin, Wa A’lā
Ālihi Wa Sahbihi Ajma’īn.*

Sangguniang Aklat

Ang Mga Mahahalagang Sangguniang Aklat:

- 1- Al-Ibānah Al-Kubrā – Ibn Battah Al-A’kbarī**
- 2- As-Sunnah – Al-Imām Al-Baghawī**
- 3- Al-Aqīdah At-Tahāwiyah – Al-Imām At-Tahāwī**
- 4- Al-Aqīdah Al-Wāsitiyah – Shaykhul Islām ibn Tayyimiyah**
- 5- Zādul Ma’ād – Al-Imām Ibnul Qayyīm**
- 6- Kitābut Tawhīd - Al-Imām Muhammad Bin AbdilWahhāb**
- 7- Al-Usūluth Thalāthath - Al-Imām Muhammad Bin AbdilWahhāb**
- 8- Al-Qawā’idul Arba’ – Al-Imām Muhammad Bin AbdilWahhāb**
- 9- Majmū Fatawā ibn Bāz – Abdul Azīz bin Abdillāh bin Bāz**
- 10- Al-Qawlul Mufīd. - Muhammad bin Sāleh bin Uthaymīn**
- 11 - Nubdhah fil Aqīdah Al-Islāmiyah. – Muhammad bin Saleh bin Uthaymeen**
- 12- I’ānatul Mustafīd. – Sāleh bin Fawzān Al-Fawzān**

**13- Al-Mulakkhas Fī sharhit Tawhīd. – Sāleh Bin Fawzān
Al-Fawzān**

**14- Al-Mashrū' wal Mamnū' minat Tawassul. –
Abdussalām Al-Birjis**

**15- Huquqūn Nabī (ﷺ) Ālā Ummatihi. – Saīd bin Alī bin
Waqf Al-Qahtānī**

Mga nillalaman

Mga Paksa

Panimula ng Tagapagsalin

Panimula ni Shaykh Sāleh bin Fawzān Al-Fawzān

Panimula ng May-Akda

[T1] Bakit natin pag-aaralan ang Tawhīd?

[T2] Mula saan natin kukunin ang ating Aqeedah (Paniniwala)?

[T3] Ano ang Tatlong Saligan na marapat malaman ng isang tao at ito rin ang siyang mga katanungan sa kanya doon sa loob ng libingan?

[T4] Sino ang iyong *Rabb* (Panginoon)?

[T5] Paano mo nakikilala ang iyong Panginoon?

[T6] Nasaan ang Allāh (ﷻ)?

[T7] Ano ang mga katibayan mula sa Al-Qurān na nagpapatunay na ang Allāh (ﷻ) ay nasa ibabaw ng kalangitan at Siya ay nasa taas ng Kanyang *A'rsh* (Trono)

[T8] Ano ang kahulugan ng salitang (*Istawā*)?

[T9] Bakit nilikha ng Allāh (ﷻ) ang Jinn at Tao?

[T10] Ano ang patunay mula sa Al-Quran na tumutukoy na nilikha ng Allāh (ﷻ) ang mga Jinn at Tao upang sambahin lamang Siya?

Pahina
5
6
7
8
8
9
9
9
10
10
11
11
11

[T11] Ano ang kahulugan ng <i>﴿sambahin lamang Ako﴾</i> ?	12
[T12] Ano ang kahulugan ng Al-I'badah?	12
[T13] Ano ang kahulugan ng Shahādah Lā ilāhah illAllāh (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allāh)?	12
[T14] Ano ang kahulugan ng Shahādah Anna Muhammadan Rasulullah (Pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allāh)	12
[T15] Ano ang pinakadakilang kautusan ng Allāh (ﷻ)?	13
[T16] Anu-ano ang mga bahagi ng Tawhīd?	13
[T17] Ano ang kahulugan ng Tawhīdur-Rububiyah?	13
[T18] Ano ang kahulugan ng Tawhīdul-Uluhiyah?	14
[T19] Ano ang kahulugan ng Tawhīdul-Asma was-Sifat?	14
[T20] Magbigay ng ilang halimbawa ng Al-I'badah (Pagsamba)?	14
[T21] Ano ang pinakamasidhing ipinagbabawal ng Allāh (ﷻ)?	15
[T22] Ano ang dalawang uri ng Shirk?	15
[T23] Kailan unang naganap ang Shirk?	16
[T24] Ano ang dahilan ng pangyayari ng Shirk sa pamayanan ni Propeta Nuh (ﷺ)?	16
[T25] Ano ang kahulugan ng Al-Ghulu o pagmamalabis sa mga matutuwid na tao?	17
[T26] Ano ang hatol sa pananalangin sa mga patay?	17
[T27] Kailangan bang magkaroon ng isang tagapamagitang nilalang sa pangalangin sa Allāh (ﷻ)?	18

[T28] Dinirinig at tinutugunan ba ng mga patay ang isang panalangin?	19
[T29] Kanino inaalay ang Salāh (Pagdarasal) at Dhabh (Pagkakatay ng Hayop)?	19
[T30] Ano ang hatol ng pag-aalay ng kataying hayop at Sujūd (Pagpapatirapa) sa iba malaban pa sa Allāh (ﷻ)?	20
[T31] Ano ang hatol ng <i>HALAF BI GHAYRILLAH</i> o pagsumpa sa ngalan ng iba pa maliban sa Allāh?	20
[T32] Ano ang obligasyon ng isang Muslim hinggil sa mga Pangalan at katangian ng Allāh?	21
[T33] Ano ang batayan mula sa <i>Al-Qurān</i> na tumutukoy na ang katangian ng Allāh (ﷻ) ay hindi katulad ng ating katangian?	21
[T34] Ano ang iyong <i>Deen</i> (Relihiyon)?	22
[T35] Tatanggap pa ba ang Allāh (ﷻ) ng isang Deen maliban sa Deen na Al-Islām pagkatapos ng pagkakasugo sa Propeta Muhammad (ﷺ)?	22
[T36] Ano ang kahulugan ng <i>Islām</i> ?	23
[T37] Anu-ano ang mga haligi ng <i>Islām</i> ?	23
[T38] Ano ang kahulugan ng <i>Al-Imān</i> ?	24
[T39] Anu-ano ang haligi ng <i>Al-Imān</i> ?	24
[T40] Sino ang mga <i>Al-Malāikah</i> (Anghel)?	25
[T41] Ano ang hatol sa paniniwala sa mga <i>Al-Malāikah</i> (Anghel)?	25
[T42] Sino ang pinaka hihigit sa lahat ng <i>Al-Malāikah</i> (Anghel)?	25
[T43] Anu-ano ang mga makalangit na kasulatan?	25

[T44] Ano ang hatol sa paniniwala sa mga makalangit na kasulatan?	25
[T45] Ano ang pinaka dakilang makalangit na kasulatan?	26
[T46] Ano ang <i>Al-Yawmul -Ākhir</i> ?	27
[T47] Ano ang hatol sa paniniwala sa <i>Al-Yawmul -Ākhir</i> ?	27
[T49] Ano ang hatol sa paniniwala sa <i>Al-Qadr</i> (Tadhana)?	27
[T50] Ano ang <i>Al-Ihsān</i> ?	27
[T51] Ano ang kahulugan ng <i>Ar-Riyāa</i> ?	28
[T52] Ano ang hatol sa <i>Ar-Riyāa</i> ?	28
[T53] Sino ang iyong Propeta?	28
[T54] Ano ang pinakamalaking tanda ng kanyang pagkapropeta?	29
[T55] Ano ang pinaka dakilang karapatan ng Propeta Muhammad (ﷺ)?	29
[T56] Ano ang <i>As-Sihr</i> (Salamangka)?	30
[T57] Ano ang <i>Al-Kihānah</i> ?	30
[T58] Ano ang <i>Al-‘Arrāf</i> ?	30
[T59] Ano ang hatol sa pagpunta sa mga <i>Al-‘Arrāf</i> at <i>Al-Kahin</i> at iba pang nag-aangkin ng karunungan hinggil sa <i>Al-Ghayb</i> o bagay na mga lingid?	31
[T60] Ano ang hatol ng <i>As-Sihr</i> (o <i>Salamangka</i>) at pag-aaral nito?	32

[T61] Ano ang hatol sa pagbabasa at paniniwala sa Horoscope, at mga pangitain sa hinaharap?	33
[T62] Ano ang kahulugan ng <i>Al-Tamā'im</i> ?	33
[T63] Ano ang hatol sa <i>Al-Tamā'im</i> ?	34
[T64] Ano ang Ruqyah Mashru'ah at ano ang hatol nito?	34
[T65] Ano ang <i>At-Tiyarah</i> ?	35
[T66] Ano ang hatol nito?	35
[T67] Maaari bang gamitin ang <i>At-Tiyarah</i> sa ibang bagay liban pa sa paggamit ng mga Ibon?	35
[T68] Ano ang kahulugan ng <i>ISTISQA' BIL ANWA</i> ?	35
[T69] Ano ang hatol ng <i>ISTISQA' BIL ANWA</i> ?	36
[T70] Ano ang patunay sa pagbabawal ng <i>ISTISQA' BIL ANWA</i> ?	36
[T71] Ano ang hatol sa pagtatayo ng mga Masjid sa ibabaw ng mga libingan?	37
[T72] Ano ang kahulugan ng <i>At-Tabarruk</i> ?	37
[T73] Anu-ano ang mga uri ng <i>At-Tabarruk (paghingi ng pagpapala)</i> ?	37
[T74] Anu-ano ang mga uri ng <i>TABARRUK MASHRU'</i> ?	38
[T75] Anu-ano ang mga uri ng <i>TABARRUK MAMNU'</i> ?	38
[T76] Anu-ano ang mga bahagi ng <i>At-Tawwasul (ang paggamit ng mga pamamaraan upang maging malapit sa Allāh)</i> sa Du'a?	39
[T77] Anu-ano ang mga uri <i>TAWASSUL MASHRU</i> sa Du'a?	39

[T78] Anu-ano ang mga uri TAWASSUL MAMNU' sa Du'a?	40
[T79] Ano ang <i>Shafa'ah</i> (pamamagitan) na mangyayari sa Araw ng paghuhukom?	41
[T80] Maaari bang hingiin ang <i>Shafa'ah</i> (pamamagitan) mula sa mga patay?	41
[T81] Ano ang mga kondisyon ng <i>Shafa'ah</i> (pamamagitan)?	42
[T82] Sino ang makikinabang sa <i>Shafa'ah</i> (pamamagitan)?	43
T83] Ano ang hatol sa pangungutya sa Allāh (ﷻ) o sa Kanyang aklat o sa Kanyang relihiyon o sa kanyang sugo (ﷻ)?	43
[T84] Ano ang kahulugan ng <i>AL WALA' WAL BARA'</i> ?	44
[T85] Ano ang hatol ng pagbati sa mga Kuffar sa kanilang kapistahan katulad sa araw ng pasko?	45
[T86] Ano ang kahulugan ng <i>Al-Bid'ah</i> ?	45
[T87] Ano ang hatol ng <i>IBTIDA' FID DIN</i> (pagdaragdag sa relihiyon)	46
[T88] Mayroon bang mabuting <i>BID'AH</i> sa Islām?	46
[T89] Ano ang magiging katayuan mula sa mga gumagawa ng <i>Bid'ah</i> ?	47
[T90] Ano ang hatol sa isang taong nag-iiwan ng <i>Salah</i> ?	47

[T91] Ano ang hatol sa ‘di-makatarungan pagtuturing sa isang Muslim na isang Kafir?	48
[T92] Ano ang marapat gawin ng Muslim hinggil sa mga Sahabah o Kasamahan ng propeta Muhammad (ﷺ)?	48
[T93] Ano ang patunay sa kahigitan ng mga Sahabah?	49
[T94] Sino ang pinakamainam mula sa mga Sahabah?	50
[T95] Ano ang tinutukoy ng salitang <i>Wulatul Umur</i> ?	50
[T96] Ano ang obligasyon ng mga Muslim tungo sa kanilang mga <i>Wulatul Umur</i> ?	50
[T97] Ano ang patunay tungkol rito?	50
[T98] Paano mangyayari ang pagpapayo sa mga pinunu ng mga Muslim?	51
[T99] Ano ang marapat gawin ng isang Muslim kapag dumating ang mga Fitnah?	52
[T100] Sino ang Ahlus Sunnah Wal Jama’ah?	53
Mga Sangguniang Aklat	54-55
Mga nillalaman	56-62